

Minamahal na Magulang/Tagapag-Alaga:

Ikinalulugod na tinatanggap ng Maine ang mga pamilya sa lahat ng pangkultura at panlinggwistikang pinagmulan. Ang pagsasalita ng mahigit sa isang wika ay isang mahalagang katangian, at hinihikayat namin ang mga pamilyang panatilihin ang kanilang mga wika habang nag-aaral ng Ingles. Ang mga mag-aaral na nakakapagsalita o nakauunawa ng iba pang wika ay maaaring maging karapat-dapat sa suporta upang mapaghusay ang kanilang kasanayan sa wikang Ingles upang matugunan ang mapaghamong mga pang-akademikong pamantayan. Ang mga sumusunod na tanong, na kailangan para sa lahat ng mag-aaral mula sa pre-kindergarten hanggang sa grado ng 12 ay maka-tutulong sa inyong paaralan upang malaman kung ang inyong anak ay maaaring makinabang mula sa mga serbisyong sumusuporta sa wikang Ingles.

- Kung may tinukoy na ibang wika maliban sa Ingles, ang inyong anak ay mapapangasiwaan ng isang pansala ng wika ng Ingles.
- Depende sa puntos ng inyong anak, ang inyong anak ay maaaring maituring na isang mag-aaral ng Ingles at karapat-dapat ng suporta sa wikang Ingles.
- Kung ninanais ninyong ang liham na ito at ang pagsisiyasat sa ibaba ay maipagkaloob sa ibang wika, o kung kayo ay nagnanais ng isang tagapagsalin, tutuparin ng paaralan ang mga kahilingang iyon.
- Kung kayo ay may mga katanungan tungkol sa mga sinisiyasat, mangyaring makipag-ugnay sa punong-guro ng inyong paaralan.

Huwag mag-alala dahil ang inyong mga sagot ay gagamitin lamang para sa mga layuning pang-edukasyon. Ang nakumpletong pagsisiyasat ay itatago sa permanenteng papeles ng inyong anak, at ang kawani ng paaralan lamang ang magkakaroon ng karapatan dito. Walang empleyado ng paaralan ang maaaring magtanong tungkol sa katayuan ng imigrasyon ng sinumang miyembro ng inyong pamilya.

Salamat sa pagbibigay ng impormasyong ito, at nawa'y ang inyong anak ay maging tagumpay sa kanyang pag-aaral.

Sumasainyo,
April Perkins
Direktor ng ESOL at mga Programang Pangalawang Wika, Kagawaran ng Edukasyon ng Maine

PAGSISIYASAT SA PAGGAMIT NG WIKA

Pangalan ng Mag-aaral _____ Petsa ng Kapanganakan: _____

Paaralan: _____ Inaasahang Grado: _____

Mangyaring huwag mag-iwan ng blangkong sagot sa anumang tanong.

1. Anong (mga) wika ang **unang** sinalita o naunawaan ng inyong anak?
2. Anong (mga) wika ang **pinakamadaling** nasasalita o naunawaan ng inyong anak?
3. Anong (mga) wika ang ginagamit ng mga tao sa pakikipag-usap sa inyong anak araw-araw?

Pirma ng Magulang/Tagapag-Alaga: _____ Petsa: _____

Gagamitin ng Paaralan Lamang

Pagkakakilanlan Pagkatapos ng Pagtatala: Kung walang wika bukod sa Ingles ang tinukoy ng magulang/tagapag-alaga sa pagsisiyasat na ito, maaari **lang** magbigay ng pansala sa wika ng Ingles kung sasagutan ng guro ang pangkat ito.

Magbigay ng katibayan na ang kasanayan sa wikang Ingles ng mag-aaral ay naapektuhan ng pangunahin o kinalakihang wika bukod sa Ingles:

Pirma ng Guro: _____ Petsa: _____

ILAGAY ANG ORIHINAL NG KINUMPLETONG DOKUMENTONG ITO SA FOLDER NG PERMANENTENG

REKORD NG MAG-AARAL